# 1998 FILIPINO

STUDENT / REGISTRATION NUMBER

CENTRE NUMBER

STATE / TERRITORY

PAGES: 12

## EXTENDED LEVEL

## PAPER 2: PART A—WRITING IN FILIPINO
## PART B—REORGANISING WRITTEN INFORMATION

**Tuesday 27 October**

**Time: 1 hour and 30 minutes**

*Approved English–Filipino/Filipino–English dictionaries or monolingual dictionaries may be used.*

**Instructions to Candidates**

1. Write all your responses to the tasks in Paper 2 in this booklet in ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
2. You are required to respond to both Part A and Part B.
3. Make sure that you write your Student/Registration Number, the State or Territory in which the examination is taken, and the Centre Number (if required) on the front cover of this booklet.
4. All question booklets will be collected at the end of the examination.
5. The assessment criteria for this paper are printed on the back page of this booklet.

*This examination is used for the WACE (Western Australia), the HSC (New South Wales and Tasmania), the SACE (South Australia), the NTCE (Northern Territory), the Senior Certificate (Queensland), and the VCE (Victoria).*

© Board of Studies NSW 1998

## Part A—Writing in Filipino

Pumili ng ISA sa mga sumusunod na paksa at isulat ang sagot nang hindi kukulang sa 150–200 salita sa Filipino.

*Choose ONE of the following tasks and write approximately 150–200 words in Filipino.*

ALIN MAN SA SUMUSUNOD / *EITHER*

**1.** Naatasan ka ng guro mo na gumawa ng isang ulat para sa isang pinaplanong biyahe ng isang grupo ng estudyante na titigil sa Pilipinas ng pitong araw.

Sa iyong ulat, isama mo ang isang listahan ng mga lugar na mapupuntahan, at magbigay ng mga dahilan kung bakit mo napili ang mga lugar na ito.

O / *OR*

**2.** Ikaw ay umuwi sa Pilipinas noong nakaraang bakasyon. Sumulat ka ng dalawa o tatlong akda sa iyong dayari tungkol sa iyong paglalakbay.

O / *OR*

**3.** Nais mong mamasukan bilang isang klerk habang bakasyon sa eskuwela. Gumawa ka ng isang sulat sa isang kompanya na naghaharap ng kahilingan na ikaw ay mapasok sa trabaho. Isulat mo ang iyong mga katangian, mga karanasan sa pagtatrabaho, at ang mga dahilan kung bakit nais mo na makapag-trabaho sa kompanyang ito.

O / *OR*

**4.** Inaanyayahan mo ang isang kaibigan na dumalaw sa inyong tahanan. Hindi niya alam and pagpunta sa inyo.

Sumulat ka ng mga panutong maaari niyang sundin. Isama mo rin sa iyong isusulat ang paglalarawan ng iyong pamilya at ng inyong tahanan.

O / *OR*

**5.** Mayroong isang Pilipinong “exchange student” na nakatira sa inyo. Sumulat ka ng usapan ninyong dalawa na naghahambing ng pag-aaral dito sa Australya at sa Pilipinas.

**Mga Tala / *Notes***

| Gawain Bilang: | *Task Number:* |
| --- | --- |

## Part B—Reorganising Written Information

Gawain:
Batay LAMANG sa tatlong (3) impormasyong nakasulat o nakalarawan, sagutin ang takdang gawain sa FILIPINO nang hindi kukulang sa 120–150 salita.

Ang Philippine–Australian Sports Federation ay naghahanda ng Paskuhan 1998, isang pangunahing pagdiriwang kultural sa inyong lungsod.

Bilang kasapi, naatasan kang sumulat ng liham sa mga bahay-kalakal sa inyong pook upang makalipon ng mga gantimpala sa pagdiriwang na ito. Sa iyong sulat ipaliwanag mo rin ang kahulugan ng pagdiriwang na ito.

*There are three (3) items of written and visual information. Using **ONLY** information provided, complete the task in 120–150 words in FILIPINO.*

*You are a member of the Philippine–Australian Sports Federation organising Paskuhan 1998, a major cultural celebration in your city.*


*You have been asked to write a letter that will be sent to local businesses, persuading them to donate prizes to this event. Include in the letter a description of the significant features of this event.*

**Mga Tala / *Notes***

*Text 1*

Ang fiesta:

mga araw ng kasayahan, halakhakan, sayawan, pagdiriwang.



*Beginning Tagalog: A Course for Speakers of English by J Donald Bowen, California, UP 1965, p 81. Publisher University of California Press*

Ang fiesta ay pagdiriwang na walang takdang araw. Ito ay tanging araw ng pagdiriwang. Ang araw ng kapistahan ay iniaayon sa panahon.

Sa araw ng kapistahan, ang buong kabayanan ay nagkaka-isa sa mga gawain– paglilinis ng bahay at bakuran, paglalagay ng mga dekorasyon sa mga lansangan.


Ang kapistahan ay tanging araw ng paglilitson, paghahanda, pag-aanyaya ng mga kaibigan, pagsusuot ng magagandang damit. Ito'y araw din ng pag-aawitan, pagsasayawan, paglalaro, at pagsisindi ng mga paputok.

# PASKUHAN '98

**ISANG FIESTANG – PILIPINO SA PAGDIRIWANG NG KAPASKUHAN**

**Pinamahalaan ng PHILIPPINE–AUSTRALIAN SPORTS FEDERATION at 25 kasaping mga Samahan**

**CENTRAL FOOTBALL STADIUM**
**SABADO, 5 DISYEMBRE 1998**
**Bukas ng Pintuan 8:00 ng umaga**
**Bayad $5·00**



***0900 Parada ng mga Samahan**
***1000 Opisyal na Pasimula**
Pambansang Awit: Australya/Pilipinas
Pagbati: Ambassador Ernesto Estrada
Panalangin: Rev. Padre Isidro Palting
***1100 Mga Palatuntunan sa Entablado**
Awit – Maya Choral Society
Maikling Dula – Samahang Sampalok
Awiting Filipino – Fab Pinoy Five
Katutubong Sayawin – Club M
Mga Makabagong Awit – Beng & Leng Duo
Pagtatanghal: Makabagong Sayawin – Fred & Lucy Dance Troupe
Katuwaan para sa Mga Bata: Babalu – the Clown
Awit – Eddie Lustico at mga Harmonisers
Dula – "Pasko Na Naman" – Samahang Kabataan
***1330 Pagtatanghal ng mga Kandidata: "Miss Philippine Fiesta Queen"**
***1430 Palaro...**
Huling yugto ng labanan
- Table Tennis
- Volleyball (Panglalake/Pambabae)
- Basketball (mga lalake may gulang na 18)

***1730 Paligsahan sa Pagkanta**
Patuloy na palatuntunan sa Gitnang Entablado
Mga naanyayahang Mang–aawit
Mga natatanging Panauhin: Rico Macapuno & Nora Sanches
***1830 Pagbibigay ng mga Gantimpala**
***2000 Pagpapahayag at Pagpuputong: "Miss Philippine Fiesta Queen"**
MGA PAPUTOK

ANG MGA ORAS
AY MAAARING MAIBA
BASAHIN ANG
"SOUVENIR PROGRAM"
TUNGKOL SA IBANG
IMPORMASYON

**75 TINDAHAN NG PAGKAIN at iba pang mga PANINDA**
**MANALO NG:**
**2 BALIKANG TIKET SA MAYNILA**
**Handog ng R.M.AIRLINES**

**LIBRENG TIKIM NG MGA PAGKAIN: HANDOG NG MGA TAGATANGKILIK**
ADOBO...BIBINGKA...KUTSINTA...DINUGUAN...EMBOTIDO...HALU-HALO...GINATAN...KILAWEN...PINAKBET...MENUDO...MGA PAMATID-UHAW

*Text 3*

*(a)*

## KAWAYAN MUSIK

**Ang tanging lugar na mapupuntahan sa lahat ng kailangan sa musika.**

**Kami ang may pinakamalawak na mapagpipiliang CD – lokal at galing sa ibang bansa, mga katutubong tugtugin, ‘jazz’, at musikang klasikal.**

**Kailangan ba ninyo ang isang tugtuging nararapat sa isang tanging okasyon? Kami ay maraming mapagpipiliang piyesa na mula pa noong unang panahon hanggang sa makabago.**

**Naghahanap ng natatanging regalo? Subukan ang isa sa aming mga kakaibang instrumento.**

## TANGING REGALO SA TANGING OKASYON.

*(b)*

## *R.M. LINZECO TRAVEL*

**Kami ay dalubhasa sa pangangasiwa ng mga kailangan ng mga turista na naghahanap ng bakasyunan – maging sa mga pook na lokal o sa ibang bansa. Magagawa namin ang plano at pangangasiwa ng inyong paglalakbay hanggang sa kahulihulihang detalye: matitirhan, transportasyon, at pagliliwaliw.**



**Kung kailangan ninyo ng mauupahang sasakyan, magsadya sa aming sangay na matatagpuan sa malalaking lungsod.**

BLANK PAGE

# 1998 FILIPINO

## PAPER 2: PART A—WRITING IN FILIPINO
## PART B—REORGANISING WRITTEN INFORMATION

---

### PART A—ASSESSMENT CRITERIA

- The capacity to deal with the chosen topic
  - † *Breadth of treatment*
  - † *Suitability of the writing for the topic and/or purpose*
  - † *Maintenance of reader's interest*
- Form and organisation
  - † *Observation of the conventions of the discourse form (style, sequencing, cultural appropriateness) and specifications regarding length*
  - † *Organisation of content*
- Clarity of expression
  - † *Control of the language required by the topics including accuracy in the use of linguistic elements*
- Variety and appropriateness of vocabulary and sentence structuring
  - † *Range of vocabulary*
  - † *Variety in sentence structure*
  - † *Appropriateness of vocabulary and sentence structure*

---

### PART B—ASSESSMENT CRITERIA

- † *The capacity to select and use relevant information*
- Form and organisation
  - † *Observation of the conventions of the discourse form (format, style, cultural appropriateness)*
  - † *Linking of related ideas*
  - † *Organisation of information from sources into a meaningful sequence*
- Effective expression
  - † *Control of the language required to complete the task (appropriateness, clarity of expression including accuracy in the use of linguistic elements)*
  - † *Degree of independence from the wording of the original information*